MOUNT CARMEL
A Member of Trinity Health

**Pinansiyal na Tulong:** Ang Trinity Health ay may pananagutan na magkaloob ng pag-aalaga, paggagamot at mga serbisyo sa lahat ng mga dumarating sa amin batay sa kinakailangan nila sa paggagamot.

***Patakaran sa Pinansiyal na Tulong***

- Ang pinansiyal na tulong ay ipinagkakaloob batay sa iyong kita. Ito ay tinutukoy gamit ang Mga patnubay sa Pederal na Antas ng Kahirapan.
- Kung ikaw ay kumikita ng [200]% o mas mababa pa ayon sa mga patnubay ng Pederal na Antas ng Kahirapan makakatanggap ka ng kumpletong diskwento. Ito ay ipinapataw sa mga kinakailangang medikal na serbisyo.
- Kung ikaw ay kumikita sa pagitan ng [201]% at [400]% batay sa Pederal na Antas ng Kahirapan ay maaari kang makakuha ng bahagyang diskwento.
- Hindi maniningil ang Trinity Health sa mga kuwalipikadong pasyente nang higit sa may diskwento na rate ng Medicare.
- Ang iyong mga copay, coinsurance, at mga deduktible (mababawas na halaga) ay maaaring makakuha ng mga diskwento. Maaaring kuwalipikado ka para sa tulong kung ikaw ay kumikita ng mas mababa sa [400]% batay sa Federal Poverty Level.
- Kung ikaw ay may catastrophic costs, maaari kang makakakuha ng mga diskwento. Ito ay nangyayari kapag ang iyong mga medikal na gastusin nitong nakaraang 12 buwan ay higit sa 20% ng kita ng iyong sambahayan. Maaari rin kasama sa diskwento ang iyong mga copay. Maaaring kasama rin ang coinsurance, at mga deduktible.

*Balik-aralan ang Mga Patnubay sa Pederal na Antas ng Kahirapan dito*

https://aspe.hhs.gov/topics/poverty-economic-mobility/poverty-guidelines]

Ang mga mapipiling serbisyo tulad ng kosmetikong operasyon ay hindi karapat-dapat para sa pinanisyal na tulong.

Para makapag-apply sa pinansiyal na tulong, kumpletuhin at magsumite ng aplikasyon. Ang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng Trinity Health at Aplikasyon para dito ay magagamit sa webpage ng ospital Apply Now | Mount Carmel Health System. Maaari ka rin mag-request ng libreng kopya ng patakaran at aplikasyon sa pamamagitan ng pagbisita, pagpapadala sa koreo o pagtawag sa lugar kung saan ka naalagaan o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Trinity Health Enterprise Patient Financial Services, 20555 Victor Parkway, Livonia, MI 48152, libreng toll sa 800-494-5797

Ang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng Trinity Health, Aplikasyon, at Payak na Buod ay isinalin sa ibang mga wika at magagamit sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ospital o sa Mga Pinansiyal na Serbisyo para sa Pasyente (Patient Financial Services) department na nakalista sa itaas.

***Listahan ng Tagapagbigay:*** Isang listahan ng Mga Tagapagbigay na naghahatid ng emerhensiya o kinakailangan sa paggagamot na pag-aalaga sa pasilidad ng ospital, na sakop ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng ospital, ay magagamit online o kung hilingin.

***Panandalian at Pangmatagalang Mga Plano sa Pagbabayad:*** Kung hindi mo mabayaran ang iyong parte ay maaaring kuwalipikado ka para sa panandalian o pangmatagalang mga plano sa pagbabayad. Ang panandaliang plano sa pagbabayad ng Trinity Health ay malaya sa interes. Ang mga pasyente ay dapat magbayad ng mga balanse sa loob ng isang taon. Maaari kang makakuha ng pangmatagalang may interes na plano kung hindi mo mabayaran ang total na balanse sa loob ng isang taon.

***Mga Pinansiyal na Serbisyo para sa Pasyente:*** Ang mga tagapayo sa pananalapi ay magagamit na tumulong sa iyo. Sila ay tutulong sa iyong makumpleto ang mga aplikasyon para sa pinansiyal na tulong. Ito ay makakatiyka kung aling tulong ang magagamit. Kabilang dito ang pagtatasa sa pagiging karapat-dapat para sa Medicaid.

Maaari kang makipag-ugnayan sa tagapayo sa pananalapi sa lugar kung saan ka inalagaan. Ang tagapayo sa pananalapi ay maaaring makatulong na matiyak kung ikaw ay kuwalipikado para sa pinansiyal na tulong. Ang mga tagapayo sa pananalapi ay makakapagbigay rin ng mga libreng kopya ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong, Aplikasyon, at Payak na Buod.